Dr. Scott Morrow, Health Officer
Cassius Lockett, PhD, Director

SAN MATEO COUNTY HEALTH
PUBLIC HEALTH, POLICY & PLANNING

Public Health, Policy & Planning
225 37th Avenue
San Mateo, CA 94403
smchealth.org

# KAUTUSAN NG OPISYAL NG KALUSUGAN NG COUNTY NG SAN MATEO PARA SA PAGKONTROL SA COVID-19 BLG C19-7c (BINAGO) NA NAG-UUTOS SA MGA INDIBIDWAL SA COUNTY NA MAY MGA MALAPITANG PAKIKISALAMUHA SA MGA INDIBIDWAL NA MAY COVID-19 NA I-QUARANTINE ANG KANILANG MGA SARILI

PETSA NG KAUTUSAN: Oktubre 29, 2020

**Mangyaring basahin nang mabuti ang Kautusang ito. Ang paglabag sa o hindi pagsunod sa Kautusang ito ay isang munting paglabag sa batas na napaparusahan ng pagmumulta, pagkakakulong, o pareho. Alituntunin sa Kalusugan at Kaligtasan ng California , § 120295, et seq.; Cal. Kodigo Penal §§ 69, 148(a)(1).**

## BUOD NG KAUTUSAN

Ang California ay nasa Kalagayan ng Emerhensya dahil sa pandemya ng Sakit na Coronavirus 2019 ("COVID-19"). Ang pagkalat ng bagong coronavirus na nagdudulot ng COVID-19 ay isang malaking panganib sa kalusugan ng publiko sa loob ng County ng San Mateo ("County"). Ang COVID-19 ay madaling makalat sa pagitan ng mga tao na may malapitang pakikisalamuha sa isa't isa. Ang Kautusang ito ay inilabas batay sa sayentipikong ebidensya at mga pinakamahusay na kasanayan na nalalaman sa kasalukuyan at magagamit para maprotektahan ang mga pinakamadaling maapektuhan na miyembro ng publiko mula sa maiiwasang panganib ng malubhang sakit o kamatayan na nagreresulta mula sa pagkalantad sa COVID-19. Ang edad, kondisyon, at kalusugan ng isang malaking bahagi ng populasyon ng County ay naglalagay nito sa panganib para sa malubhang mga komplikasyon sa kalusugan, kasama na ang kamatayan, mula sa COVID-19. May lumalaking ebidensya ng panganib ng transmisyon mula sa mga nahawahang tao bago ang paglitaw ng mga sintomas. Kaya, lahat ng indibidwal na nagkasakit ng COVID-19, anuman ang kanilang antas ng mga sintomas (wala, banayad o malubha), ay maaaring maglagay sa ibang pinakamadaling maapektuhang mga miyembro ng publiko sa malaking panganib. Sa kasalukuyan, walang partikular na paggamot para sa COVID-19 at walang bakuna na magagamit para maprotektahan laban sa transmisyon ng COVID-19.

Para tumulong sa pagpigil sa pagkalat ng COVID-19, maprotektahan ang pinakamadaling maapektuhang mga indibidwal, at maiwasan ang pagkakapuspos ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa County, kinakailangan ng Opisyal ng Kalusugan ng County ng San Mateo na iutos ang pag-quarantine sa mga taong nalantad sa isang taong nadayagnos na may COVID-19. Ang "Pag-quarantine" ay naghihiwalay at naghihigpit sa pagkilos ng mga tao na, habang hindi pa nahawahan ng COVID-19, ay nalantad sa COVID-19 at samakatuwid ay maaaring nakahahawa. Ang Kautusang ito ay tumutugon sa mga kinakailangan sa pag-quarantine. Ang "Pagbubukod" ay tumutukoy sa paghihiwalay ng mga taong nahawahan ng COVID-19 mula sa mga tao. Ang Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan ng County ng San Mateo Blg. c19-6c ay naglalaman ng mga kinakailangan sa pagbubukod. Ang Kautusang ito ay inupdate noong Oktubre 29, 2020, para palawakin ang dami ng tao na itinuturing na "malapitang nakasalamuha" para sa layunin ng pag-abiso at pagtalunton ng nakasalamuha (contact tracing) batay sa bagong gabay mula sa Mga Sentro ng Pagkontrol at Pag-iwas ng Sakit ng Estados Unidos (United States Centers for Disease Control and Prevention) at para linawin ang napakalimitadong kalagayan kung kailan pinahihintulutan ang pagtatrabaho.

SAN MATEO COUNTY HEALTH
PUBLIC HEALTH, POLICY & PLANNING

**SA ILALIM NG AWTORIDAD NG MGA SEKSYON 101040; 101085; 120130; AT 120175 NG ALITUNTUNIN SA KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA, ANG OPISYAL NG KALUSUGAN NG COUNTY NG SAN MATEO ("OPISYAL NG KALUSUGAN") AY NAG-UUTOS NA:**

**1.** <u>**Ang lahat ng indibidwal na mga malapitang nakasalamuha, tulad ng inilarawan sa Seksyon 2 ng Kautusang ito, ay dapat i-quarantine ang kanilang mga sarili at sundin ang lahat ng tagubilin sa Kautusang ito at ng mga gabay na dokumento ng Pampublikong Kalusugan ng San Mateo ("Pampublikong Kalusugan") na tinutukoy sa Kautusang ito. Ang pag-quarantine sa sarili ay kinakailangan dahil ang isang taong may COVID-19 ay maaaring madaling maikalat ang virus sa ibang mga tao. Ang pag-quarantine ay naghihiwalay sa maaaring nahawahang mga indibidwal mula sa ibang mga tao para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19.**</u>

2. Ang mga tao ay dapat na mag-quarantine sa sarili sa ilalim ng Kautusang ito kung sila ay inabisuhan, magkaroon o ipinaalam na sila ay nagkaroon ng malapitang pisikal na pakikisalamuha sa isang Taong may COVID-19, tulad ng tinukoy sa Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan c19-6c (Binago), sa panahon ng kanilang panahon ng pagiging nakahahawa, na nagsisimula ng 48 oras bago ang mga sintomas ay nagsimula (o, sa kawalan ng mga sintomas, sa petsa ng isang nagpositibong pagsusuri) at matatapos kapag ang Taong may COVID-19 ay pinalabas mula sa Pagbubukod alinsunod sa Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan C19-6c, (kabilang ang anumang mga karagdagang pagbabago dito). Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang isang "Malapitang Nakasalamuha" ng isang Taong may COVID-19 ay kinabibilangan ng sinumang tao na, sa panahon ng pagiging nakahahawa ng Taong may COVID-19 ay:

a. Nakatira sa o nanatili sa parehong tirahan kasama ng Taong may COVID-19 noong hindi sumusunod sa Mga Tagubilin sa Pagbubukod sa Bahay ang Taong may COVID-19; O

b. Naging kapares sa pagtatalik ng Taong may COVID-19; O

c. Nasa loob ng anim (6) na talampakan na distansya mula sa may sakit na tao sa pinagsama-samang kabuuan na labinlimang (15) minuto o higit pa sa loob ng 24 na oras, hindi alintana kung ang tao ay nakasuot ng pantakip sa mukha o hindi; O

d. Nagkaroon ng direktang ugnayan sa anumang tagal ng panahon sa mga likido ng katawan at/o mga sekresyon ng Taong may COVID-19 (*hal.*, naubuhan o nabahingan, ginamit ang mga kubyertos, o binigyan ng pangangalaga niya o nagbigay ng pangangalaga sa kanya na hindi nagsusuot ng mask, gown, at mga guwantes).

3. Para sa mga layunin ng Kautusang ito, ang isang Taong may COVID-19 na walang akses sa isang tahanan o tirahan para sa layunin ng pag-quarantine ay hindi ituturing na lumalabag sa Kautusang ito kung sa panahon ng pag-abiso ng kinakailangan na pag-quarantine alinsunod sa Kautusang ito, ay kaagad na ipinaalam sa Sangay ng Tirahan at Pangangalaga ng mga Operasyon sa Emerhensya (Emergency Operations Center, EOC) ng County ng San Mateo sa pamamagitan ng pagtawag sa 211 para ipagbigay alam ang kanilang Malapitang Pakikisalamuha na kalagayan at humiling ng isang lokasyon para sa pag-quarantine, lubos na nakikipagtulungan sa mga kawani ng EOC, at sumusunod sa Kautusang ito.

4. Ang Kautusang ito ay inilabas alinsunod sa, at isinasama sa pamamagitan ng pagsangguni sa, Marso 4, 2020 na Proklamasyon ng isang Kalagayan ng Emerhensya na inilabas ni Gobernador Gavin Newsom, Marso 3, 2020 na Proklamasyon ng Direktor ng Pang-Emerhensiyang mga Serbisyo na Nagpapahayag ng Umiiral na isang Lokal na Emerhensya sa County, Marso 3, 2020 na Deklarasyon ng Lokal na Emerhensya sa Kalusugan Tungkol sa Bagong Coronavirus 2019 (COVID-19) na inilabas ng Opisyal ng Kalusugan, Marso 10, 2020 na Resolusyon ng Lupon ng mga Tagapangasiwa ng County ng San Mateo na Nagpapatibay at Nagpapalawig sa Deklarasyon ng isang Lokal na Emerhensya sa Kalusugan, Abril 7, 2020 na Resolusyon ng Lupon ng mga Tagapangasiwa na Lalong Nagpapalawig sa Proklamasyon ng Lokal na Emerhensya sa Kalusugan Hanggang sa Gumawa ng Pagkilos ang County na Wakasan ang Lokal na Emerhensya, Oktubre 29, 2020 na Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-1e na nagpapalawig at nagrerebisa sa Kautusang nagbabawal sa mga bisita sa mga pasilidad ng sanay na pangangalaga hanggang sa lahat ng residensyal na uri ng pasilidad, Marso 24, 2020 na Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-4 na nagdidirekta sa lahat ng laboratoryong nagsasagawa ng mga dayagnostikong pagsusuri para sa COVID-19 na iulat ang impormasyon ng pagsusuri para sa COVID-19, Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-9 hinggil sa Pagtitipon sa loob ng Sasakyan na inilabas noong Mayo 11, 2020; Mayo 13, 2020 na Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan Blg. c19-10 na nagdidirekta sa mga klinikal na laboratoyo na tumanggap ng mga pagtatalaga para sa mga dayagnostikong pagsusuri mula sa Optum Serve at Logistics Health Inc.; at ang Hunyo 17, 2020 na Kautusan ng Opisyal ng Kalusugan c19-11 na naglilimita sa mga pagtitipon, nagpapahintulot sa mga social bubble (maliit na grupo ng kontak mula sa ibang sambahayan), na nag-uutos ng pagdidistansya sa kapwa at pagtatakip sa mukha at paghiling sa mga negosyo na ipatupad ang mga protokol sa pagdidistansya sa kapwa at mga plano sa kalusugan at kaligtasan ("Kautusan sa Pagdidistansya sa Kapwa").

5. Mga Tagubilin. Ang lahat ng indibidwal na tumutugon sa depinisyon ng isang malapitang nakasalamuha ng isang indibidwal na nadayagnos na may COVID-19 ay dapat gawin kaagad ang mga sumusunod na aksyon:

a. I-quarantine ang kanilang mga sarili sa kanilang mga tahanan o sa ibang tirahan, tulad ng isang hotel o motel, sa loob ng labing-apat (14) na araw. Hindi sila maaaring umalis sa kanilang lugar ng pag-quarantine o pumasok sa iba pang pampubliko o pribadong lugar, maliban kung tatanggap ng pangangalagang medikal o sa panahon ng isang emerhensya na nangangailangan ng paglikas para maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng indibidwal.

b. Suriing mabuti at mahigpit na sundin ang lahat ng kinakailangan na inilista sa "Mga Tagubilin para sa Pag-quarantine sa Bahay" na naka-post sa https://www.smchealth.org/coronavirus-health-officer-updates at nakalakip sa Kautusang ito bilang Appendix A, at sumunod sa lahat ng direktiba ng Opisyal ng Kalusugan, kasama ang, ngunit hindi limitado sa pag-uulat ng impormasyon sa kalusugan at pagtukoy sa mga nakasalamuha na maaaring nalantad sa COVID-19.

c. Kung ang isang na-quarantine na tao ay nillagnat, inuubo, o kinakapos ng hininga (kahit na ang kanilang mga sintomas ay napakabanayad), dapat nilang ibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at malayo sa ibang mga tao at sundin ang "Mga Tagubilin para sa Pagbubukod sa Bahay," na naka-post sa https://www.smchealth.org/coronavirus-health-officer-updates, at nakalakip bilang Appendix B. Ito ay dahil ang taong ito ay malamang na may COVID-19 at kung ganoon, ay maaaring maikalat ito sa pinakamadaling

maapektuhang mga indibidwal. Kung sinuri ng isang medikal na propesyonal ang isang naka-quarantine na tao at natukoy na ang kanilang mga sintomas ay hindi dulot ng COVID-19, maaaring itigil ng taong ito ang pagbubukod sa bahay ngunit dapat magpatuloy sa pagsunod sa kautusan na pag-quarantine sa bahay at mga tagubilin.

d. Kung ang isang naka-quarantine na tao ay nadayagnos na may COVID-19, sila ay dapat sumunod sa Kautusan na Pagbubukod ng Opisyal ng Kalusugan ng County ng San Mateo Blg. c19-6c (Binago), na inilabas noong Oktubre 29, 2020, kasama ang "Mga Tagubilin para sa Pagbubukod sa Bahay" na naka-post sa https://www.smchealth.org/coronavirus-health-officer-updates, at nakalakip sa Kautusang ito bilang Appendix B.

6. Eksepsyon. Sa kabila ng nabanggit, ang mga manggagawa ng pangangalagang pangkalusugan at ang mga unang rumeresponde na mga manggagawa ng ahensya na mga malapitang nakasalamuha ng isang taong may COVID-19 ay pinahihintulutan na bumalik sa trabaho nang personal kung natutugunan ang mga sumusunod na kondisyon. Para malinaw, kung ang isang manggagawa ay maaaring bumalik sa trabaho sa ilalim ng limitadong eksepsyon na ito, dapat silang sumunod pa rin sa Kautusang ito kapag sila ay wala sa trabaho.

a. Ang manggagawa ay maaaring may-ari, operator, empleyado, kontratista, boluntaryo o iba pang tauhan na regular na nagsasagawa ng paggamot, pagmementina, suporta, o administratibong mga gawain na itinuturing na kinakailangan sa pangangalagang pangkalusugan na layunin ng entidad; AT

b. Ipinagbigay-alam ng manggagawa sa kanilang taga-empleyo na ang manggagawa ay isang Malapitang Nakasalamuha ng isang Taong may COVID-19; AT

c. Ang manggagawa ay hindi nagpapakita ng sintomas, at natukoy ng taga-empleyo ng manggagawa, batay sa pangangailangan para sa mga kawani, na ang manggagawa ay kailangang pumasok sa trabaho; AT

d. Ang malapitang nakasalamuha ng manggagawa ay hindi miyembro ng kanyang sambahayan, naging katalik, o tagapangalaga sa isang taong positibo o ipinagpapalagay na positibo sa COVID-19; AT

e. Ang entidad, na pinagtatrabahuhan ng tao, ay nakipag-ugnay sa Pagkontrol sa Nakakahawang Sakit ng County at inabisuhan ang County sa nilalayon na plano nito na pahintulutan ang manggagawa na magbigay ng mga serbsiyo sa personal; AT

f. Ang entidad kung saan nagbibigay ng mga serbisyo ang manggagawa ay hindi alternatibong lugar para sa pangangalagang pangkalusugan (hal. lugar ng physical therapy, chiropractic, dentistry, naturopathic o acupuncture); AT

g. Nauugnay ang entidad sa isang ospital o sistema ng kalusugan na may nakatuon na Infection Control Preventionist, team para sa pagtalunton ng Nakasalamuha, o nakatuon na kawani sa site mismo na sanay sa mga hakbang sa pagkontrol ng impeksyon ("Team ng Pagkontrol ng Impeksyon") at mga patnubay sa pag-uulat ng COVID-19. Higit pa rito, ang Team sa Pakontrol ng Impeksyon ay dapat unang abisuhan at mag-apruba ng pagbabalik sa trabaho; AT

h. Ang eksepsyon na ito ay papakahuluganan na mahigpit na alinsunod sa layunin nito at anumang mga pagdududa sa paglalapat nito ay dapat maresolbahang hindi pahintulutan ang tao na bumalik sa trabaho nang personal. Ang layunin ng eksepsyon na ito ay para maiwasan ang mga sitwasyon kung saan ang pangangalaga sa pasyente ay negatibong maaapektuhan sa makabuluhang paraan ng mga kakulangan sa kawani kung ang taong nagka-quarantine ay hindi bumalik sa trabaho nang personal.

7. Ang Opisyal ng Kalusugan ay maaaring gumawa ng karagdagang (mga) aksyon, na maaaring kasama ang sibil na pagkakakulong o pag-atas sa isang tao na manatili sa isang pasilidad ng kalusugan o iba pang lokasyon, para maprotektahan ang kalusugan ng publiko kung ang isang indibidwal na nasasailalim sa Kautusang ito ay hindi sumunod sa Kautusang ito.

8. Ang Kautusang ito ay magiging epektibo pagsapit ng 11:59 ng gabi ng Oktubre 29, 2020 at magpapatuloy na magiging epektibo hanggang ito ay bawiin, palitan, o baguhin sa pamamagitan ng pagsusulat ng Opisyal ng Kalusugan.

9. Ang mga kopya ng Kautusang ito ay agad na: (1) makukuha sa 400 County Center, Redwood City, CA 94063; (2) nakapaskil sa website ng mga Serbisyo sa Kalusugan ng County sa (www.smchealth.org/post/health-officer-statements-and-orders); at (3) ibibigay sa sinumang miyembro ng publikong humihingi ng kopya.

10. Kung alinmang probisyon ng Kautusang ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o pagkakataon ay ituturing na walang bisa, ang natitirang bahagi ng Kautusan, kasama ang aplikasyon ng naturang bahagi o probisyon sa ibang mga tao o pagkakataon, ay hindi maaapektuhan at magpapatuloy nang may buong lakas at bisa. Sa layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang ito ay maaaring ihiwalay.

**IPINAG-UUTOS:**

_____________*/Nilagdaan/*_________________ **Petsa:** Oktubre 29, 2020
Scott Morrow MD, MPH
Opisyal ng Kalusugan ng County ng San Mateo

**Appendix A**: "Mga Tagubilin para sa Pag-quarantine sa Bahay"

**Appendix B**: "Mga Tagubilin para sa Pagbubukod sa Bahay"